ABISO SA LAHAT NG TUMATANGGAP NG FOOD STAMP
MAHALAGA — MANGYARING BASAHIN
Mga Bagay Na Kailangan Mong Malaman

May-bisa Oktubre 1, 2008:

- Ginagamit na ngayon ang lahat ng pera na ibinabayad mo para sa isang tao na nag-aalaga ng iyong mga anak o taong hindi kayang mag-isa, habang nagtatrabaho ka o pumapasok sa paaralan upang upang pababain ang iyong kinita. Dati, $175 o $200 lang (para sa bawat dependent) ang maaaring gamitin upang mapababa ang iyong kinita. Lahat-lahatan, tataas ang iyong mga benepisyo kung ang halaga ng pangangalaga sa bata/pangangalaga sa dependent na iyong binabayad ay mas higit sa $175/$200 para sa bawat bata o dependent.
- Hindi ginagamit upang magpasya ang lahat ng “tax-preferred” savings para sa edukasyon (hal. 529s) at mga account sa pagreretiro (hal. IRAs) kung ang iyong mga mapagkukunan ay lampas sa $2,000 o ($3,000 kung ikaw ay matanda o may kapansanan).
- Kung hindi mo gagamitin ang iyong EBT card sa loob ng 180 araw malalagay ang iyong mga benepisyo sa inactive account. Pagkatapos ng 365 araw, mawawala sa iyo ang mga benepisyo sa inactive account.
- Kung mayroon kang anumang mga papel na food stamp, kailangan mong kontakin ang lalawigan upang mapalitan nila at mailagay sa EBT card na hindi lalampas sa Hunyo 17, 2009. Hindi na tatanggapin saanmang lugar ang mga papel na stamp simula sa Hunyo 18, 2009.

Makakakuha ka ng abiso tungkol sa mga pagbabagong ito at ng anumang ibang mga pagbabago sa katayuan ng iyong sambahayan na ginagawang iba ang benepisyo ng iyong food stamp kaysa sa dati.

Kung sa palagay mo’y nagkamali kami sa pagtutuos ng iyong mga benepisyo sa Oktubre sanhi ng mga bagong halaga, maaari kang humingi ng isang pagdinig ng estado **sa loob ng 90 araw nang makuha mo ang sulat na ito** sa pamamagitan ng pagsulat sa:

o maaari mong tawagan ang toll free na: 1-800-952-5253. Kung ikaw ay bingi at gumagamit ng TDD, tawagan ang 1-800-952-8349. Kapag humiling ka para sa isang pagdinig ng estado, dapat mong sabihin sa amin kung bakit ka nagkamali. Maaari kang magsalita para sa sarili mo sa pagdinig o maaari kang magpahintulot ng kaibigan, abogado, o ibang tao na magsalita para sa iyo, ngunit dapat mong dalhin dito ang mga taong ito upang tulungan ka. Maaari kang humingi ng libreng legal na tulong sa isang opisina ng legal na tulong sa inyong lugar.